

MGA BAKUNA SA PAGBUBUNTIS, KAKAYAHANG MAGKAANAK, AT COVID-19



Magpabakuna sa COVID-19 kung buntis ka, nagpaplanong magbuntis, o nagpapasuso.

- Bumubuo ang pagbabakuna sa panahon ng pagbubuntis ng mga antibody (proteksyon) na makakatulong na panatiliing malusog at ligtas ka at ang iyong sanggol.
- May mga ina na hindi nagpabakuna ng bakuna laban sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ang halos 90% ng mga sanggol na naospital dahil sa COVID-19.¹



Higit na mapanganib ang COVID-19 para sa mga buntis.

- Nasa mas mataas na panganib ang mga buntis para sa mga komplikasyon na maaaring makaapekto sa kanilang pagbubuntis, tulad ng preterm labor (pangananak bago ang 37 linggo) at nakunan(pagkalaglag ng ipinagbubuntis).



Magpabakuna labansa COVID-19 anumang oras sa panahon ng pagbubuntis.

- Inirerekomenda ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) at iba pang mga medikal na organisasyon ang pagbabakuna anumang oras sa panahon ng pagbubuntis.
- Maaaring magpabakuna para sa COVID-19 at bakuna sa trangkaso nang sabay ang mga buntis.



Hindi nakakaapekto sa DNA o nagdudulot ng mga problema sa pagbubuntis o kakayahang magkaanak ang mga bakuna sa COVID-19.

- Hindi nakakaapekto o nahahalo sa ating DNA ang mga bakuna sa COVID-19.
- Ligtas din sila para sa mga taong sinusubukang mabuntis.



Para maghanap ng mga bakuna sa COVID-19 at para sa karagdagang impormasyon:

- Bumisita sa nj.gov/health/vaccines/covid-19 o i-scan ang QR code.
- Bumisita sa vaccines.gov.
- Tumawag sa Linya ng Impormasyon ng CDC sa 1-800-232-0233.
- Bumisita sa cdc.gov/covid/vaccines/pregnant-or-breastfeeding.html.



¹ kffhealthnews.org/news/article/covid-coronavirus-vaccine-shot-pregnancy-babies-protection

